Giant Hogweed

Heracleum mantegazzianum Pamilya ng Parsley

Class A na Mapaminsalang Damo: Kailangang Puksain

Mga Tip sa Pagtukoy

- Higanteng halamang may mga kumpol ng bulaklak sa tuktok nito na hugis payong, 2 talampakan ang lapad, at siksik ng maliliit na puting bulaklak
- Umaabot sa taas na 8 hanggang 15 talampakan kapag namumulaklak
- Mga hollow at ridged na tangkay na 2 hanggang 4 na pulgada ang diyametro na may mga nakaangat na batik na matingkad at reddish-purple ang kulay at matigas na puting balahibo (mukhang mga tinik pero mga balahibo ang mga ito)
- Malalim ang gatla-gatla ng malalaking dahong magkakasama sa iisang tangkay (compound leaves), na 3 hanggang 5 talampakan ang lapad
- May mga balahibo sa mga rib sa ilalim ng mga dahon pero walang balahibo sa mismong ilalim na bahagi ng dahon
- Ang mga binhi ay nasa mga tuyong bunga na 3/8 pulgada at hugis biluhaba na may mga pakpak at nakalobong kulay brown na resin canal

Biyolohiya

Karaniwang perennial ang halamang ito, na namumulaklak sa ika-3 taon o lampas pa rito at karaniwang namamatay pagkatapos mamulaklak. Ang mga binhing may pakpak ay kumakalat sa pamamagitan ng tubig, paggalaw ng lupa, o ng mga hayop; at maaaring manatiling nabubuhay sa lupa nang mahigit sa 10 taon. Nagsisimulang tumubo ang mga halaman sa unang bahagi ng tagsibol. Namumulaklak sa kalagitnaan ng Mayo hanggang Hulyo, at nagsisimulang mabuo ang mga binhi sa Hulyo.

Mga Epekto

Nakakalason. Ang dagta ay maaaring magdulot ng pagpapaltos ng balat at permanenteng pamemeklat. Dahil sa agresibong pagtubo nito, nawawalan ng puwesto para tumubo ang mga kanais-nais na native na halaman, forage, at pananim. Maaari nitong mapadalas ang pagguho sa mga ilog at burol dahil pinapalitan nito ang mga evergreen at woody na halaman na nagpoprotekta sa lupa.

Distribusyon

Orihinal na mula sa Caucasus Mountains at dinala sa North America bilang ornamental na halaman. Pinakakaraniwang matatagpuan sa mga lugar sa lungsod, sa mga tabi ng kalsada, hindi naalagaang bakuran, at bakanteng lote. Gusto sa mataba at mamasa-masang lupa at maaaring tumubo sa iba't ibang kundisyon ng liwanag. Dahil marami kung gumawa ng binhi at kayang mabuhay kahit nasa malilim, mabilis itong nakakapagparami sa mga pampang ng ilog at sapa, wetland, at banging may kakahuyan.

Ang Maaari Ninyong Gawin

Aktibong sinusubukang puksain ng Programa sa Pagkontrol ng Mapaminsalang Damo sa King County ang giant hogweed sa lahat ng lugar sa county. Tumulong sa pamamagitan ng pagtingin kung may giant hogweed sa inyong ari-arian. Sa pamamagitan ng pagpigil sa pagbuo ng binhi at pag-aalis ng mga tumubo nang halaman, liliit o mapipigilan ang impestasyon sa paglipas ng panahon. Kung hindi ninyo makontrol ang inyong giant hogweed, makipag-ugnayan sa amin para sa tulong. Mangyaring iulat kapag may nakita kayong ganitong halaman.

Maghanap ng mga puting bulaklak na malaki at hugis payong sa kalagitnaan ng Mayo hanggang Hulyo.

Ang mga tangkay ay reddish-purple na may mga bahaging nakaumbok at puting balahibo.

Malaki at malalim ang gatla-gatla ng mga dahon.

May mga tanong?

Programa sa Pagkontrol ng Mapaminsalang Damo ng King County: **206-477-WEED kingcounty.gov/weeds**

King County

Mga Paraan ng Pagkontrol

Kung makakita kayo ng giant hogweed sa inyong ari-arian, pumili ng isa o kumbinasyon ng mga paraan ng pagkontrol na nakalista sa ibaba. Mag-ingat. **Nagdudulot ang halamang ito ng matinding banta sa kalusugan.** Magsuot ng naaangkop na damit, sapatos, at proteksyon sa mata kapag sinusubukan ang anumang hakbang sa pagkontrol. **Iwasang madikit sa balat. Ang matubig na dagta sa mga dahon at tangkay ay maaaring magdulot ng mga paso, mga paltos, at pamemeklat.**

Mag-ingat: ang dagta sa mga sanga ay maaaring magdulot ng malubhang pagpapaltos at pamemeklat.

Mano-mano:

Maaaring mano-manong alisin ang mga magulang na halaman. Humukay ng hindi bababa sa 4-6 na pulgada mula sa gitnang ugat. Mas mahirap alisin ang mga murang halaman. Sa mga impestasyon ng magulang na halaman, maaaring daan-daan ang mga punla at maaaring maputol ang mga ito kapag hinihila mula sa mga siksik na lupa, at maiiwan ang ugat para patuloy na tumubo. Tiyaking isupot at itapon sa basurahan ang mga bulaklak at punong binhi.

Mekanikal:

Hindi mabisa ang pagtatabas para sa pangmatagalang pagkontrol. Huwag magbunot o magtabas ng damo nang walang suot na kumpletong pamprotektang damit at sapatos—ang katas mula sa halaman ay maaaring magdulot ng mga paso.

Kemikal:

Sundin ang lahat ng naaangkop na batas at regulasyon tungkol sa paggamit ng herbicide sa inyong lugar, at sundin ang lahat ng tagubilin sa label. Mabisa ang Glyphosate, pero isa itong non-selective na herbicide at mapapatay rin nito ang mga damo sa lugar na winiwisikan. Maaaring tumubo ulit ang halaman sa mga lugar na walang laman kaya taniman ang mga ito ng pananim na naaangkop sa lugar. Mabisa rin ang Triclopyr. Isa itong selective na herbicide na nakakaapekto lang sa mga halamang may malapad na dahon, nang hindi napipinsala ang karamihan sa mga damo. Maglagay ng herbicide sa buong surface ng dahon at tangkay ng mga aktibong tumutubong halaman; huwag putulin ang tangkay pagkatapos mailagay ang herbicide dahil mapipigilan nitong masipsip ng halaman ang kemikal. Mahusay na makokontrol ang isang lugar na may matinding impestasyon ng punla sa pamamagitan ng paglalagay ng herbicide sa tagsibol, na posibleng sundan ng paglalagay nito sa tag-init para sa mga huling usbong. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Programa sa Pagkontrol ng Mapaminsalang Damo.

Maaaring mapagkamalang:

Kung minsan, napagkakamalan ang giant hogweed na ang native na halaman na cow parsnip (*Heracleum maximum*), pati na rin ang introduced species na wild carrot (*Daucus carota*) at poison-hemlock (*Conium maculatum*).

***Nahahawig ang cow parsnip sa giant hogweed pero ito ay karaniwang 4-7 talampakan, at may mga mas maliit na kumpol ng bulaklak at mga balahibo na malambot, kulot-kulot, at makintab, pati sa ilalim na bahagi ng dahon. Mas hugis puso rin ang mga binhi nito. Gaya ng hogweed, maaari din itong magdulot ng mga paso, kaya* iwasang madikit sa dagta.**

Ang mga bulaklak ng wild carrot ay kamukha ng mga bulaklak ng giant hogweed, pero hanggang 3 talampakan lang ang taas ng halamang ito.

Maaaring matukoy ang poison-hemlock sa giant hogweed sa pamamagitan ng mga tangkay nitong walang balahibo at maraming mas maliit na kumpol ng bulaklak kada halaman.

"cow parsnip Heracleum maximum" nina Paul Asman at Jill Lenoble / CC BY 2.0.
"Daucus carota" ni Andreas Rockstein / CC BY 2.0.
File: NoxWfact-Giant-Hogweed-2018.indd

Tagalog
Hunyo 2018

206-477-WEED (206-477-9333) o TTY: 711
kingcounty.gov/weeds noxious.weeds@kingcounty.gov

King County